


Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Kapusyawanan at Kakulimliman ng Kulay



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 5: Kapusyawang at Kakulimliman ng Kulay
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	John Bill B. Juen	
Editor:	Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan	
Tagasuri:	Aidena L. Nuesca, Bryan Ephraem E. Miguel, Jesyl F. Avanceña Christine Graza-Magboo, Lea C. Manambay, Aries A. Gamino	
Tagaguhit:	John Bill B. Juen	
Tagalapat:	John Bill B. Juen, Christopher Gonzales	
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo	Reynante A. Solitario
	Mary Jeanne B. Aldeguer	Janwario E. Yamota
	Analiza C. Almazan	Djhoane C. Aguilar
	Ma. Cielo D. Estrada	Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 5:
Kapusyawang at Kakulimliman
ng Kulay

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat para sa murang kaisipan ng mga bata na tulad mo. Ang nilalaman ng modyul na ito ay maaari mong gamitin sa iyong pang-araw-araw na buhay maging sa iyong paglinang ng angking talento para mas lalo mong mapaunlad ang kasanayan sa sining. Ang aralin na ito ay ginawa nang maayos para mas lalo mong maintindihan ang konsepto ng aralin at malilinang pa ng iba't ibang mga gawain ang iyong pagkaunawa upang mas mapapadali ang iyong pagkatuto.

Sa modyul na ito, iyong matutuhan kung papaano gumawa ng mga bagong kulay, o tinta o klase ng kulay sa pamamagitan ng paghalo-halo ng tamang kulay.


Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:




1. nakatutukoy ng mga mapusyaw (**tint**) at makulimlim (**shade**) na kulay;
2. nakahahalo ng mga kulay para makabuo ng mapusyaw at makulimlim na kulay; (**A3PR-Ile**); at
3. napahahalagahan ang mga likhang sining na nagpapakita ng mapusyaw at makulimlim na kulay.








Subukin

Panuto: Kilalalanin kung ano ang mabubuong kulay kapag pinaghalo ang mga sumusunod. Piliin sa kahon ang titik na may pinakatumpak na sagot.

1.  bughaw +  itim = 

2.  pula +  itim = 

3.  asul +  puti = 



a. maroon blue	b. green	c. sky
d. pink	e. navy blue	


Aralin

1

Kapusyawang at Kakulimliman ng Kulay


Mayroon tayong iba't ibang uri ng mga kulay. May maliwanag at mayroon ding madilim na kulay. Ang liwanag (**lightness**) at kadilimang (**darkness**) ng isang kulay ay tinatawag na **value**.

Kung ang iyong kalooban ay masaya ang kulay na nais nating makita ay maaliwalas at matingkad. Kapag nakaramdam tayo ng lungkot, ang mga kulay na mapusyaw at madilim ang naglalarawan ng ating kalooban.




Balikan

Panuto: Masdan ang larawan ng mga prutas at tukuyin mula sa kahon ang pinakaangkop na kulay ng bawat isa. Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.



- a. pula
- b. berde
- c. kahil
- d. lila
- e. dilaw




Gawin Mo!

Magkulay Tayo


Panuto:

1. Ihanda ang sumusunod na mga kagamitan:
water color o **oil pastel** (pula, asul, puti, at itim), brush, tubig, lagayan, oslo o bond paper, at basahan
2. Gumuhit ng tatlong bilog sa iyong **oslo** o **bond paper**.
3. Kulayan ang unang bilog ng asul at puti naman sa ikalawa.
4. Sa panghuling bilog ay pagsamahin ang mga kulay mula sa una at ikalawang bilog.
5. Obserbahan ang nabuong kulay at ilarawan ito sa sagutang papel.




Asul

+




Puti

=




6. Muling kulayan ang unang bilog ng asul at itim naman sa ikalawa.
7. Sa panghuling bilog ay muling pagsamahin ang mga kulay mula sa una at ikalawang bilog.
8. Obserbahang muli ang nabuong kulay at ilarawan ito sa sagutang papel.




Asul

+



Itim

=




9. Ulitin ang gawain gamit naman ang pula na ikukulay sa unang bilog. Obserbahan.



Suriin


Ang isang tanawin at kapaligiran ay nagiging makatotohanan kapag dinagdagan ito ng pusyaw (tint) at limlim (shade). Masakit sa ating mata kung lahat ng ating makikita ay halos matitingkad. Kailangan din ang mga kulay na tint at shade na depende sa gusto ng ating kalooban.

Kung ang iyong kalooban ay masaya, ang kulay na nais nating makita ay maaliwalas at matingkad. Nagiging tint o mapusyaw ang resulta ng pinaghalong kulay sa puti. Ang kulay pula kapag hinaluan ng puti, ay nagiging rosas o **pink** ang kanyang tint. **Sky blue** naman ang resulta ng pinagsamang asul at puti.




pula

+




puti

=




rosas




asul

+




puti

=




sky blue

Kapag nakaramdam tayo ng lungkot, ang mga kulay na shade o mapusyaw at madilim na kulay ang naglalarawan ng ating kalooban. Nabubuo ang shade sa pamamagitan ng paghahalo ng itim na kulay. Ang pula kapag hinaluan ng itim ay nagiging **maroon**. Kulay **navy blue** naman ang shade sa asul.




pula

+




itim

=




maroon




asul

+




itim

=



navy blue




Pagyamanin

Gawain: *Finger Painting*


1. Ihanda ang mga kagamitang water color o **food coloring** na may iba't ibang kulay, kutsara, oslo paper, peryodiko, basahan at tubig.
2. Magpatulong at humingi ng gabay sa magulang o mga nakatatanda sa paggawa ng kasanayang ito.
3. Gumuhit ka ng isang magandang tanawin sa oslo paper
4. Ilagay sa lalagyan ang water color o food coloring at haluan ng tubig.
5. Gamit ang pinaghaluang water color o food coloring ng tubig, masining na pintahan ang ginawang disenyo.
6. Para makabuo ng matinkad na resulta, haluan ng puting kulay ang mga kulay at ihalo ito gamit ang mga daliri.
7. Kapag gusto mo namang may kadiliman ang iyong ipininta depende sa disenyo na nais mong gawin, maaaring ihalo ang kulay itim sa ginawang dibuho. Haluin ito gamit ang mga daliri at obserbahang mabuti kung lalabas ang madilim na kulay (shade).
8. Gamitin ang rubriks para sukatin ang kahusayan sa ginawang obra.

Pamantayan	Puntos		
	3 Nagpapakita ng Kahusayan	2 Nasunod ang panuto	1 Kailangan pa ng gabay
1. Pagpinta ng larawan.			
2. Naipapamalas nang may kahusayan ang tint at shade.			
3. Nakikita ang kalinisan sa ginawang obra.			
4. Natapos sa takdang oras ang gawain.			




Isaisip

1. Nagiging tint o mapusyaw ang resulta ng pinaghalong kulay sa puti. Kung ang iyong kalooban ay masaya, ang kulay na nais nating makita ay tint na may maaliwalas at matingkad na kulay.
2. Ang shade ay ang paghalo ng itim sa ibang kulay. Kapag tayo ay nakaramdam ng lungkot, ang mga kulay na shade o makulimlim at madilim na kulay ang naglalarawan ng ating kalooban.
3. Ang itim at puti ay mga kulay na tinatawag na neutral.
4. Ang pagbabago ng liwanag at dilim ng isang obra ay depende sa dami ng kulay na itim at puting pinaghalo.




Isagawa

1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan:
water color o oil pastel (asul, puti at itim), brotsa, tubig, lagayan,
 $\frac{1}{8}$ illustration board o oslo paper, at basahan.
2. Pag-aralan ang larawang *"Cup and Saucer"*.
3. Kopyahin ang larawan sa inihandang pagpipintahan.
4. Paghaluin ang asul na kulay at puti nang makabuo ng kombinasyong tint. Pagkatapos, ihalo naman ang asul sa itim para makagawa ng shade.
5. Kulayan ang tasa ng mapusyaw na kulay.
6. Kulayan ang likurang bahagi ng makulimlim na kulay.
7. Gamitin ang rubriks sa susunod na pahina para sukatin ang kahusayan sa ginawang obra maestra.



Pamantayan	Puntos		
	3 Nagpapakita ng Kahusayan	2 Nasunod ang panuto	1 Kailangan pa ng gabay
1. Pagpinta ng larawan.			
2. Naipapamalas nang may kahusayan ang tint at shade.			
3. Nakikita ang kalinisan sa ginawang obra.			
4. Natapos sa takdang oras ang gawain.			



Tayahin

Panuto. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa papel.

1. Ano ang ihahalo sa matingkat na kulay para maging mapusyaw o tint?

a. pula b. puti c. asul d. itim

2. Ano ang kalalabasang kulay kapag pinaghalo ang kulay pula at itim?

a. berde b. maroon c. asul d. rosas

3. Ano ang magiging resulta kapag ang matitingkad na kulay kagaya ng pula, dilaw at dalandan ay hinaluan ng kulay itim?


a. tint b. lightness c. shade d. shadow

4. Ano ang magiging resulta kapag pinaghalo ang kulay pula at puti?

a. asul b. rosas c. dilaw d. dalandan


5. Paano magiging madilim o shade ang isang kulay? Kapag ito ay hinaluan ng kulay _____.

a. puti b. itim c. asul d. dilaw



Karagdagang Gawain

1. Lumabas ka sa iyong bahay at tingnan mo ang iyong kapaligiran. Siguraduhing magpasabay sa iyong magulang o nakatatandang kapatid sa paggawa ng gawaing ito.
2. Kunin mo ang iyong kagamitan kagaya ng bond paper, lapis, at water color o oil pastel.
3. Mag-isip ka kung anong tanawin ang gusto mong ipinta.
4. Gamit ang iba-ibang kulay, kulayan ang ginawang disenyo.
5. Gamit ang mga kasanayan sa aralin, bumuo ng tint o mapusyaw na kombinasyon kung masayang kalooban ang sumasalamin sa gawang sining. Shade naman ang paghaluin kung makulimlim o malungkot na kalooban ang nais ipahiwatig.
6. Pagkatapos gawin, maaaring ipakita sa iyong mga magulang o nakatatanda na maaaring hingian ng puna sa natapos na gawain.
7. Gamiting muli ang rubrik sa Isagawa Mo upang masukat ang kahusayan sa ginawang obra maestra.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin 1. B 2. B 3. C 4. B 5. B	Balikkan 1. A 2. D 3. E 4. C 5. B	Subukin 1. E 2. A 3. C 4. B 5. D
---	--	---

Sanggunian

MAPEH 3, Gabay ng Guro pp. 137-139

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T., 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

K to 12 Most Essential Learning Competencies for Arts Grade 3. Department of Education Curriculum and Instruction Strand 2020. Department of Education, Central Office, Meralco Avenue, Pasig City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph